

Countermeasures Laban sa COVID-19 sa Easter (Abril 4)

Ang "State of Emergency" sa prepektura ay tinanggal noong Pebrero 28, 2021, ngunit kailangan ng lubusan pag-iingat dahil mataas ang peligro ng impeksyon tuwing events (Easter, Holy Week, atbp.) at ngayong spring season kung saan dumadami ang aktibidad ng mga tao.

Kapag makikilahok sa mga events, atbp., importanteng gawin ang basic preventive measures laban sa COVID-19.

Gabay ng gobyerno ukol sa infection countermeasure tuwing events (Extract)

- Huwag dumalo sa mga event o kainan kung hindi maganda ang pakiramdam.
- Umiwas sa mga event at kainan na malamang gaganapin sa lugar na sarado/ siksikan/ magkakalapit at ang basic steps sa infection control ay hindi lubusang sinusunod. Importante na iwasan ang mga event na madami ang tao at mag-uusap ng malakas na boses, atbp.
- Kung dadalo naman sa mga event at kainan, tiyakin ang angkop na distansiya sa kapwa, mag-hand sanitizer, gumamit ng mask, pigilin na makipag-usap ng malakas na boses at iba pa, sumunod sa angkop na hakbang ng pag-iwas sa impeksyon.
- Iwasan magpakalasing at mag-inuman hanggang madaling araw sa mga party o restawran. Sa pagdalo ng events na may inuman ng alak, timbangin kung mas importante ba ito kumpara sa risk at epekto kung mahawa ng sakit.
- Kung kinakailangan, magparty sa bahay kasama ng mga kasambahay o piliin ang mga bagong ligtas na paraan upang magsaya tulad ng online o virtual party, atbp.